BC CANCER LUNG SCREENING
Provincial Health Services Authority

Abiso ng mga Resulta ng Lung Screening
Inirerekomenda ang Follow-Up

Notice Date:
Exam Date:

Jane Sample
123 Example Avenue
City, Province, Postal Code

Ang iyong CT scan para sa lung screening ay nagpakita ng ilang natuklasan na maaaring may kaugnayan sa pamamaga (inflammation), impeksiyon (infection), o pangangailangang mas masusing subaybayan ang isang bahagi ng baga. Mag-aayos ang Programa ng panibagong CT scan pagkalipas ng 3 buwan upang makita kung may anumang pagbabago.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG: Ang isang REFERRAL PARA SA FOLLOW-UP CT SCAN ay naipadala na sa Sample Lung Screening Site. Makikipag-ugnayan sa iyo ang departamento ng CT scan upang magtakda ng appointment humigit-kumulang 3 buwan mula sa petsa ng iyong orihinal na CT scan. Kung hindi ka pa nakokontak sa loob ng sampung (10) linggo mula sa pagtanggap ng liham na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Lung Screening Program sa 1-877-717-5864. Ang detalyadong resulta ng iyong CT scan ay ipinadala sa nakatalang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan: NATALIE EXAMPLE, kung sakaling mayroon kang mga katanungan tungkol sa follow-up.

Ang ilang tao ay maaaring magkaroon ng iba pang mga natuklasan na hindi nauugnay sa kanser, at makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kinakailangan ang anumang karagdagang pagsusuri.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lung screening, mangyaring bisitahin ang screeningbc.ca/lung.

Maraming salamat sa iyong paglahok sa BC Cancer Lung Screening Program.

Dr. Stephen Lam
Lung Screening Medical Director

Kung magbabago ang iyong tirahan bago ang iyong susunod na screening, mangyaring bisitahin ang addresschange.gov.bc.ca/ upang sabay na ma-update ang iyong impormasyon sa ICBC at Health Insurance BC.

Ang mga abiso tungkol sa Lung Screening ay makukuha online sa Health Gateway. Mangyaring bisitahin ang healthgateway.gov.bc.ca/ upang magparehistro para sa access.

Kung natanggap mo ang ulat na ito nang hindi sinasadya o nagbago na ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mangyaring ipaalam ito sa amin sa 1-877-717-5864.

Screening Facility:
Lung Screening Site Name
Lung Screening Site Phone #

SAMPLE

iyong personal na impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa screening@bccancer.bc.ca. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa privacy, mangyaring bisitahin ang screeningbc.ca.

SAMPLE